



2021

Pormularyo

(Listahan ng Mga Saklaw na Gamot)

California

**Molina Dual Options
Cal MediConnect Plan
Medicare-Medicaid Plan**

Bersyon 10

Na-update: 04/01/2021

Mga Serbisyo ng Miyembro (855) 665-4627, TTY 711

Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. lokal na oras

MolinaHealthcare.com/Duals

Molina Dual Options Cal MediConnect Plan Medicare-Medicaid Plan | 2021 *Listahan ng mga Saklaw na Gamot* (Pormularyo)

Panimula

Ang dokumentong ito ay tinatawag na *Listahan ng mga Saklaw na Gamot* (kilala rin bilang Listahan ng Gamot). Sinasabi nito sa inyo kung aling mga inireresetang gamot at mga over-the-counter na gamot at item ang saklaw ng Molina Dual Options. Sinasabi rin sa inyo ng Listahan ng Gamot kung mayroong anumang mga espesyal na panuntunan o paghihigpit sa anumang gamot na saklaw ng Molina Dual Options. Ang mga pangunahing termino at kahulugan ng mga ito ay nasa huling kabanata ng *Handbook ng Miyembro*.

Talaan ng mga Nilalaman

A. Mga Disclaimer.....	3
B. Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions o FAQ)	5
B1. Anong mga inireresetang gamot ang nasa <i>Listahan ng mga Saklaw na Gamot?</i> (Tinatawag natin ang <i>Listahan ng mga Saklaw na Gamot</i> na “Listahan ng Gamot” para maikli)	5
B2. Nababago ba ang Listahan ng Gamot?	6
B3. Ano ang mangyayari kapag may pagbabago sa Listahan ng Gamot?	7
B4. Mayroon bang anumang paghihigpit o limitasyon sa saklaw sa gamot o anumang kinakailangang gawing pagkilos para makakuha ng ilang partikular na gamot?	8
B5. Paano ninyo malalaman kung ang gusto ninyong gamot ay may mga limitasyon o kung may mga kinakailangang gawing pagkilos para makuha ang gamot?.....	9
B6. Ano ang mangyayari kung babaguhin namin ang aming mga panuntunan tungkol sa ilang gamot (halimbawa, mga paghihigpit sa paunang pahintulot (pag-apruba), mga limitasyon sa dami, at/o step therapy)?	9
B7. Paano ninyo mahahanap ang isang gamot sa Listahan ng Gamot?	9
B8. Paano kung ang gamot na gusto niyong gamitin ay wala sa Listahan ng Gamot?.....	10

04/01/2021



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Molina Dual Options sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang MolinaHealthcare.com/Duals.

B9. Paano kung isa kayong bagong miyembro ng Molina Dual Options at hindi ninyo mahanap ang inyong gamot sa Listahan ng Gamot o mayroon kayong problema sa pagkuha ng inyong gamot?.....	10
B10. Maaari ba kayong humiling ng pagbubukod para saklawin ang inyong gamot?.....	12
B11. Paano kayo makakahiling ng pagbubukod?	12
B12. Gaano katagal ang aabutin bago makakuha ng pagbubukod?	12
B13. Ano ang mga generic na gamot?	13
B14. Ano ang mga OTC na gamot?.....	13
B15. Sinasaklaw ba ng Molina Dual Options ang mga OTC na produktong hindi gamot?	13
B16. Ano ang inyong copay?.....	13
B17. Ano ang mga baitang ng gamot?	14
C. Pangkalahatang-ideya sa <i>Listahan ng mga Saklaw na Gamot</i>	15
C1. Mga Gamot na Ipinangkat ayon sa Medikal na Kundisyon.....	15
D. Index ng mga Saklaw na Gamot.....	130

04/01/2021



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Molina Dual Options sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang MolinaHealthcare.com/Duals.

A. Mga Disclaimer

Isa itong listahan ng mga gamot na makukuha ng mga miyembro sa Molina Dual Options.

- ❖ Molina Dual Options Cal MediConnect Plan Medicare-Medicaid Plan is a health plan that contracts with both Medicare and Medi-Cal to provide benefits of both programs to enrollees.
- ❖ ATTENTION: If you speak English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call (855) 665-4627, TTY: 711, Monday – Friday, 8 a.m. to 8 p.m., local time. The call is free.
- ❖ ATTENTION: Si usted habla español, los servicios de asistencia del idioma, sin costo, están disponibles para usted. Llame al (855) 665-4627, servicio TTY al 711, de lunes a viernes, de 8:00 a. m. a 8:00 p. m., hora local. La llamada es gratuita.

إذا كنت تتحدث اللغة العربية، نوفر لك خدمات المساعدة اللغوية المجانية. اتصل على (855) 665-4627، لمستخدمي أجهزة الهواتف النصية / أجهزة اتصالات المعاقين: 711، من الاثنين إلى الجمعة، من 8 صباحًا إلى 8 مساءً، بالتوقيت المحلي. هذه المكالمات مجانية.

- ❖ Kung nagsasalita ka ng Tagalog, may maaari kang kuning mga libreng serbisyo ng tulong sa wika. Tumawag sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag na ito.
- ❖ Nếu quý vị nói tiếng Việt, có sẵn dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí cho quý vị. Hãy gọi (855) 665-4627, TTY: 711, Thứ Hai – Thứ Sáu, 8 giờ sáng đến 8 giờ tối, giờ địa phương. Cuộc gọi là miễn phí.
- ❖ Եթե ձեր մայրենի լեզուն հայերենն է, ձեզ համար հասանելի են անվճար լեզվի օժանդակության ծառայումները: Չանգահարե՛ք (855) 665-4627, TTY՝ 711, երկուշաբթիից ուրբաթ 8:00-ից 20:00-ը տեղական ժամանակով: Չանգն անվճար է:
- ❖ ប្រសិនបើអ្នកនិយាយភាសាខ្មែរ សេវាជំនួយផ្នែកភាសាមានផ្តល់ជូនអ្នកដោយឥតគិតថ្លៃ។ សូមទូរសព្ទទៅលេខ (855) 665-4627, TTY: 711 ពីថ្ងៃចន្ទ - សុក្រ ចាប់ពីម៉ោង 8 ព្រឹក ដល់ម៉ោង 8 យប់ ម៉ោងនៅក្នុងស្រុក។ ការហៅទូរសព្ទគឺឥតគិតថ្លៃ។
- ❖ 如果您講中文，可為您提供免費的語言輔助服務。當地時間週一至週五，上午 8 點至下午 8 點，撥打 (855) 665-4627，TTY : 711。此為免費電話。
اگر فارسی زبان هستيد، خدمات کمک زبانی رایگان برای شما فراهم است. از دوشنبه تا جمعه 8 صبح تا 8 شب به وقت محلی با شماره (855) 665-4627، TTY: 711 تماس بگیرید. این تماس رایگان است.
- ❖ 한국어를 구사하시는 경우, 무료 언어 지원 서비스를 이용하실 수 있습니다. 전화 (855) 665-4627번(TTY는 711번) 월~금 오전 8시~오후 8시(현지 시각) 무료 전화입니다.

04/01/2021



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Molina Dual Options sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang MolinaHealthcare.com/Duals.

❖ Если Вы говорите на русском языке, Вы можете бесплатно воспользоваться услугами переводчика. Позвоните по телефону: (855) 665-4627, ТТУ: 711, с понедельника по пятницу с 8:00 до 20:00 по местному времени. Звонок бесплатный.

❖ Molina Healthcare complies with applicable Federal civil rights laws and does not discriminate on the basis of race, ethnicity, national origin, religion, gender, sex, age, mental or physical disability, health status, receipt of healthcare, claims experience, medical history, genetic information, evidence of insurability, geographic location.

تلتزم Molina Healthcare بقوانين الحقوق المدنية الفيدرالية السارية ولا تميز على أساس العرق أو الأصل الوطني أو الدين أو النوع أو الجنس أو العمر أو الإعاقة العقلية أو البدنية أو الحالة الصحية أو تلقي الرعاية الصحية أو تاريخ المطالبات أو التاريخ الطبي أو المعلومات الجينية أو وجود أدلة على إمكانية التأمين أو الموقع الجغرافي.

❖ Molina Healthcare-ը համապատասխանում է կիրառելի քաղաքացիական օրենսդրության դաշնային օրենքներին և խտրականություն չի դնում ըստ ռասայի, էթնիկական պատկանելիության, ազգային ծագման, կրոնի, սեռի, տարիքի, հոգեկան կամ ֆիզիկական հաշմանդամության, առողջության կարգավիճակի, առողջապահության ստացման, պահանջների փորձի, բժշկական պատմության, գենետիկ տեղեկատվություն, անապահովության ապացույցների, աշխարհագրական դիրքի:

Molina Healthcare مطابق با قوانین حقوق مدنی فدرال است و بر اساس نژاد، قومیت، ملیت، مذهب، جنسیت، جنس، سن، معلولیت ذهنی یا جسمی، وضعیت بهداشتی، دریافت خدمات درمانی، سوابق درخواست ها، سوابق پزشکی، اطلاعات ژنتیکی، سوابق صلاحیت بیمه شدن، یا موقعیت جغرافیایی تبعیض قائل نمی شود.

❖ Molina Healthcare អនុលោមតាមច្បាប់ស្តីពីសិទ្ធិពលរដ្ឋសហព័ន្ធដែលអនុវត្តបាន ហើយមិនមានការរើសអើងទៅលើមូលដ្ឋានពូជសាសន៍ សញ្ជាតិដើម ជនជាតិ សាសនា ភេទ អាយុ ពិការភាពរាងកាយ ឬស្មារតី ស្ថានភាពសុខភាព ការទទួលបានការថែទាំសុខភាព បទពិសោធន៍នៃបណ្តឹងទាមទារ ប្រវត្តិព្យាបាល ព័ត៌មានពិន្ទុ គុណភាពនៃភាពអាចទទួលបានការធានារ៉ាប់រង ទីតាំងភូមិសាស្ត្រ។

❖ Molina Healthcare는 관련 연방 공민권 법률을 준수하며, 인종, 민족, 국적, 종교, 성별, 연령, 정신적 또는 신체적 장애, 건강 상태, 의료 서비스 수령 여부, 청구 경험, 병력, 유전자 정보, 보험에 가입할 수 있는 증거, 지리적 위치를 이유로 한 차별을 일절 하지 않습니다.

❖ Компания Molina Healthcare соблюдает требования федерального законодательства о гражданских правах и не допускает дискриминации на основании таких признаков, как расовая и этническая принадлежность, национальное происхождение, религия, гендерная принадлежность, пол, возраст, психическая или физическая недееспособность, состояние здоровья, факт получения медицинской помощи, подача жалоб в прошлом, история болезни, генетическая информация, доказательство страховой приемлемости, географическое местонахождение.

❖ Molina Healthcare cumple con las leyes federales vigentes de derechos civiles y no discrimina por motivos de raza, origen étnico, nacionalidad, religión, género, sexo, edad,

04/01/2021



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Molina Dual Options sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang MolinaHealthcare.com/Duals.

discapacidad mental o física, estado de salud, recepción de atención médica, experiencia de reclamaciones, historial médico, información genética, evidencia de asegurabilidad o ubicación geográfica.

- ❖ Ang Molina Healthcare ay sumunod sa naaangkop na mga batas ng Federal Civil Rights at hindi magtatangi batay sa lahi, kulay, pambansang pinagmulan, kredo, ninuno o lipi, relihiyon, wika, edad, kasarian, katayuan sa pag-aasawa, orientasyong sekswal, katayuan sa kalusugan, o kapansanan.
- ❖ Molina Healthcare tuân thủ luật pháp về quyền dân sự Liên bang hiện hành và không phân biệt về chủng tộc, dân tộc, nguồn gốc quốc gia, tôn giáo, giới tính, độ tuổi, thương tật về thể chất hoặc tinh thần, tình trạng sức khỏe, việc tiếp nhận chăm sóc sức khỏe, lịch sử yêu cầu bảo hiểm, tiền sử y khoa, thông tin di truyền, bằng chứng về khả năng bảo hiểm, vị trí địa lý.
- ❖ Molina Healthcare 遵循適用的聯邦民權法，而且不會基於種族、民族、國籍、宗教、性別、性取向、年齡、精神或身體殘疾、健康狀況、接受醫療照護、索賠經歷、病史、基因資訊、可保性證明、地理位置而有所歧視。
- ❖ Makukuha ninyo ang dokumentong ito nang libre sa iba pang format, gaya ng malaking printa, braille, o audio. Tumawag sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag.
- ❖ Upang gumawa ng pangmatagalang kahilingan na makakuha ng mga dokumento sa isang wika bukod sa Ingles o sa isang alternatibong format ngayon at sa hinaharap, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.

B. Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions o FAQ)

Humanap dito ng mga sagot para sa mga tanong ninyo tungkol sa *Listahan ng mga Saklaw na Gamot* na ito. Maaari ninyong basahin ang buong FAQ para matuto pa, o maaari kayong humanap ng tanong at sagot.

B1. Anong mga inireresetang gamot ang nasa *Listahan ng mga Saklaw na Gamot*? (Tinatawag natin ang *Listahan ng mga Saklaw na Gamot* na “Listahan ng Gamot” para maikli)

Ang mga gamot na nasa Listahan ng Gamot ay mga gamot na saklaw ng Molina Dual Options. Available ang mga gamot sa mga parmasya sa loob ng aming network. Nasa aming network ang isang parmasya kung may kasunduan sa amin ang parmasya para makipagtulungan sa amin sa pagbibigay sa iyo ng mga serbisyo. Tinatawag namin ang mga parmasyang ito bilang “mga parmasyang nasa network.”

04/01/2021



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Molina Dual Options sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang MolinaHealthcare.com/Duals.

- Sasaklawin ng Molina Dual Options ang lahat ng gamot na medikal na kinakailangan sa Listahan ng Gamot kung:
 - sinabi ng inyong doktor o iba pang tagapagreseta o prescriber na kailangan ninyo ang mga iyon para gumaling o manatiling malusog, **at**
 - kukunin ninyo ang reseta sa isang parmasya na nasa network ng Molina Dual Options.
- Sa ilang pagkakataon, may mga dapat kayong gawin bago makuha ang isang gamot (tingnan ang tanong B4 sa ibaba).

Makakakita rin kayo ng updated na listahan ng mga gamot na saklaw namin sa aming website sa MolinaHealthcare.com/Duals o tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627 TTY: 711 Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.

B2. Nababago ba ang Listahan ng Gamot?

Oo, at dapat sundin ng Molina Dual Options ang mga panuntunan ng Medicare at Medicaid kapag nagsasagawa ng mga pagbabago. Maaari kaming magdagdag o mag-alis ng mga gamot sa Listahan ng Gamot sa kasagsagan ng taon.

Maaari din naming palitan ang aming mga panuntunan tungkol sa mga gamot. Halimbawa, maaari naming gawin ang mga sumusunod:

- Magpasyang humingi o hindi humingi ng paunang pahintulot para sa isang gamot. (Ang paunang pahintulot ay ang pahintulot mula sa Molina Dual Options bago ninyo makuha ang isang gamot.)
- Dagdagan o baguhin ang dami ng isang gamot na maaari ninyong makuha (tinatawag na mga limitasyon sa dami).
- Dagdagan o baguhin ang mga paghihigpit sa step therapy sa isang gamot. (Sa step therapy, dapat muna ninyong subukan ang isang gamot bago namin saklawin ang ibang gamot.)

Para sa higit pang impormasyon sa mga panuntunang ito sa gamot, tingnan ang tanong B4.

Kung umiinom kayo ng gamot na saklaw sa **simula** ng taon, kadalasan ay hindi namin aalisin o babaguhin ang saklaw sa gamot na iyon **sa loob ng buong taon** maliban na lang kung:

- may papasok na bago at mas murang gamot na kasing-epektibo ng gamot na nasa Listahan ng Gamot ngayon, **o**
- Napag-alaman naming hindi ligtas ang gamot, **o**

04/01/2021



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Molina Dual Options sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang MolinaHealthcare.com/Duals.

- inalis ang isang gamot sa merkado.

Naglalaman ang mga tanong B3 at B6 sa ibaba ng higit pang impormasyon tungkol sa kung ano ang nangyayari kapag nabago ang Listahan ng Gamot.

- Maaari ninyong tingnan ang updated na Listahan ng Gamot ng Molina Dual Options online anumang oras sa MolinaHealthcare.com/Duals.
- Maaari din ninyong tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro para tingnan ang kasalukuyang Listahan ng Gamot sa (855) 665-4627 TTY:711 Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.

B3. Ano ang nangyayari kapag may pagbabago sa Listahan ng Gamot?

Biglaan ang ilang nangyayaring pagbabago sa Listahan ng Gamot. Halimbawa:

- **Nagkaroon ng bagong generic na gamot.** Kung minsan, magkakaroon ng bagong generic na gamot sa merkado na kasimbisa ng branded na gamot na nasa Listahan ng Gamot ngayon. Kapag nangyari iyon, maaari naming alisin ang branded na gamot at idagdag ang bagong generic na gamot, ngunit hindi magbabago ang inyong gastos para sa bagong gamot [*insert if applicable, for example, if the plan's Drug List has differential cost-sharing for some generics: o magiging mas mababa ito*]. Kapag nagdagdag kami ng bagong generic na gamot, maaari din kaming magdesisyong panatilihin ang branded na gamot sa listahan ngunit babaguhin namin ang mga panuntunan o limitasyon nito sa saklaw.
 - Maaaring hindi namin sabihin sa inyo bago namin isagawa ang pagbabagong ito, ngunit magpapadala kami sa inyo ng impormasyon tungkol sa partikular na pagbabagong isinagawa namin kapag nangyari ito.
 - Kayo o ang inyong tagapagbigay ng serbisyo ay maaaring humiling ng eksepsiyon mula sa mga pagbabagong ito. Papadalhan namin kayo ng abiso kasama ng mga hakbang na maaari ninyong gawin para humiling ng pagbubukod. Pakitingnan ang tanong B10 para sa higit pang impormasyon sa mga pagbubukod.
- **Inalis ang isang gamot sa merkado.** Kung sasabihin ng Food and Drug Administration (FDA) na ang ginagamit ninyong gamot ay hindi ligtas o kung ang gamot ay aalisin ng gumawa ng gamot sa merkado, aalisin namin ito sa Listahan ng Gamot. Kung ginagamit ninyo ang gamot, ipapaalam namin ito sa inyo. Mangyaring makipag-usap sa inyong doktor para humanap ng alternatibong ligtas para sa inyo.

04/01/2021



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Molina Dual Options sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang MolinaHealthcare.com/Duals.

Maaari kaming gumawa ng iba pang pagbabago na makakaapekto sa mga gamot na ginagamit ninyo. Sasabihin namin sa inyo nang mas maaga ang tungkol sa iba pang pagbabagong ito sa Listahan ng Gamot. Maaaring mangyari ang mga pagbabagong ito kung:

- Magbibigay ang FDA ng bagong patnubay o mga bagong klinikal na patnubay tungkol sa gamot.
- Magdaragdag kami ng generic na gamot na hindi bago sa merkadot **at**
 - Magpapalit kami ng branded na gamot na kasalukuyang nasa Listahan ng Gamot **o**
 - Mababago ang mga panuntunan o limitasyon ng saklaw para sa branded na gamot.

Kapag nangyari ang mga pagbabagong ito, gagawin namin ang mga sumusunod:

- Ipapaalam sa inyo ang pagbabago sa Listahan ng Gamot sa loob ng hindi bababa sa 30 araw bago namin ito isagawa **o**
- Ipapaalam ito sa inyo at bibigyan kayo ng 60-araw na supply ng gamot pagkatapos ninyong magpa-refill.

Mabibigyan kayo nito ng panahong kausapin ang inyong doktor o iba pang tagapagreseta. Matutulungan niya kayong magdesisyon:

- Kung may ibang kaparehong gamot sa Listahan ng Gamot na maaari ninyong inumin **o**
- Kung dapat ba kayong humiling ng pagbubukod sa mga pagbabagong ito. Para matuto pa tungkol sa mga pagbubukod, tingnan ang tanong B10.

B4. Mayroon bang anumang paghihigpit o limitasyon sa saklaw sa gamot o anumang kinakailangang gawing pagkilos para makakuha ng ilang partikular na gamot?

Oo, may ilang gamot na may mga panuntunan sa saklaw o may mga limitasyon sa dami ng maaari ninyong kunin. Sa ilang sitwasyon, kayo o ang inyong doktor o iba pang tagapagreseta ay may dapat gawin bago ninyo makuha ang gamot. Halimbawa

- **Paunang pag-apruba (o paunang pahintulot):** Para sa ilang gamot, dapat kumuha kayo o ang inyong doktor o iba pang tagapagreseta ng pag-apruba mula sa Molina Dual Options bago ninyo kunin ang inyong mga inireresetang gamot. Maaaring hindi saklawin ng Molina Dual Options ang gamot kung hindi kayo makakakuha ng pag-apruba.

04/01/2021



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Molina Dual Options sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang MolinaHealthcare.com/Duals.

- **Mga limitasyon sa dami:** Kung minsan, nililimitahan ng Molina Dual Options ang dami ng gamot na maaari ninyong kunin.
- **Step therapy:** Kung minsan, hihingin sa inyo ng Molina Dual Options na gawin ang step therapy. Nangangahulugan itong kakailanganin ninyong sumubok ng mga gamot sa isang partikular na pagkakasunod-sunod para sa inyong medikal na kundisyon. Maaaring kailanganin ninyong subukan ang isang gamot bago namin saklawin ang isa pang gamot. Kung sa palagay ng inyong doktor ay hindi mabisa sa inyo ang unang gamot, sasaklawin namin ang pangalawa.

Malalaman ninyo kung mayroong anumang karagdagang kinakailangan o limitasyon ang inyong gamot sa pamamagitan ng pagtingin sa mga talahanayan sa mga pahina 17 - 129. Maaari din kayong makakuha ng higit pang impormasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website sa MolinaHealthcare.com/Duals. Nag-post kami ng mga online na dokumentong nagpapaliwanag ng aming mga paghihigpit sa paunang pahintulot at step therapy. Maaari din ninyong hilingin sa aming padalhan kayo ng kopya.

Maaari kayong humiling ng pagbubukod mula sa mga limitasyong ito. Mabibigyan kayo nito ng panahong kausapin ang inyong doktor o iba pang tagapagreseta. Matutulungan niya kayong magdesisyon kung may katulad na gamot sa Listahan ng Gamot na maaari ninyong gamitin, o kung gusto ninyong humiling ng pagbubukod. Pakitingnan ang mga tanong B10-B12 para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga pagbubukod.

B5. Paano ninyo malalaman kung ang gusto ninyong gamot ay may mga limitasyon o kung may mga kinakailangang gawing pagkilos para makuha ang gamot?

Ang *Listahan ng mga Saklaw na Gamot* sa pahina 17 ay may column na may label na “Mga kinakailangang pagkilos, paghihigpit, o limitasyon sa paggamit.”

B6. Ano ang mangyayari kung babaguhin namin ang aming mga panuntunan tungkol sa ilang gamot (halimbawa, mga paghihigpit sa paunang pahintulot (pag-apruba), mga limitasyon sa dami, at/o step therapy)?

Sa ilang sitwasyon, sasabihin namin sa inyo nang mas maaga kung daragdagan o babaguhin namin ang mga paghihigpit sa paunang pag-apruba, mga limitasyon sa dami, at/o step therapy sa isang gamot. Tingnan ang tanong B3 para sa higit pang impormasyon tungkol sa paunang abisong ito at sa mga sitwasyon kung saan maaaring hindi namin masabi nang mas maaga sa inyo kapag nagbago ang aming mga panuntunan tungkol sa mga gamot na nasa Listahan ng Gamot.

B7. Paano ninyo mahahanap ang isang gamot sa Listahan ng Gamot?

May dalawang paraan para mahanap ang isang gamot:

04/01/2021



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Molina Dual Options sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang MolinaHealthcare.com/Duals.

- Maaari kayong maghanap ayon sa alpabetikong ayos (kung alam ninyo ang spelling ng gamot), **o**
- Maaari kayong maghanap ayon sa medikal na kundisyon.

Para maghanap ayon sa **alpabetikong** ayos, pumunta sa seksyon ng Index ng mga Saklaw na Gamot. Mahahanap ninyo ito sa index.

Para maghanap ayon sa **medikal na kundisyon**, hanapin ang seksyong may label na “Listahan ng mga gamot ayon sa medikal na kundisyon” sa pahina 17. Ang mga gamot na nasa seksyong ito ay nakagrupa sa mga kategoryang batay sa uri ng mga medikal na kundisyong ginagamot ng mga ito. Halimbawa, kung mayroon kayong kundisyon sa puso, dapat kayong tumingin sa kategoryang Beta-blockers. Doon ninyo mahahanap ang mga gamot na nagbibigay-lunas sa mga kundisyon sa puso.

B8. Paano kung ang gamot na gusto niyong gamitin ay wala sa Listahan ng Gamot?

Kung hindi ninyo makita ang inyong gamot sa Listahan ng Gamot, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627 TTY: 711 Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras at tanungin ang tungkol dito. Kung mapag-alaman ninyong hindi sasaklawin ng Molina Dual Options ang gamot, maaari ninyong gawin ang isa sa mga bagay na ito:

- Humingi sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng listahan ng mga gamot na katulad ng gamot na gusto ninyong gamitin. Pagkatapos ay ipakita ang listahan sa inyong doktor o iba pang tagapagreseta. Maaari siyang magreseta ng gamot na nasa Listahan ng Gamot na katulad ng gamot na gusto ninyong gamitin. **O**
- Maaari ninyong hilingin sa planong pangkalusugan na gumawa ng pagbubukod para saklawin ang inyong gamot. Pakitingnan ang mga tanong B10-B12 para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga pagbubukod.

B9. Paano kung isa kayong bagong miyembro ng Molina Dual Options at hindi ninyo mahanap ang inyong gamot sa Listahan ng Gamot o mayroon kayong problema sa pagkuha ng inyong gamot?

Maaari kaming makatulong. Maaari naming saklawin ang isang pansamantalang 60-araw na supply ng inyong gamot sa unang 90 araw na kayo ay miyembro ng Molina Dual Options. Mabibigyan kayo nito ng panahong kausapin ang inyong doktor o iba pang tagapagreseta. Matutulungan niya kayong magdesisyon kung may katulad na gamot sa Listahan ng Gamot na maaari ninyong gamitin, o kung gusto ninyong humiling ng pagbubukod.

Kung ang inireseta sa inyo ay para sa mas kaunting bilang ng araw, papayagan namin ang maraming pag-refill upang magbigay ng hanggang sa maximum na 60 araw ng gamot.

04/01/2021



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Molina Dual Options sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang MolinaHealthcare.com/Duals.

Sasaklawin namin ang 60-araw na supply ng inyong gamot kung:

- gumagamit kayo ng gamot na wala sa aming Listahan ng Gamot, ○
- hindi kayo pinapahintulutan ng mga panuntunan sa planong pangkalusugan na makuha ang daming inorder ng inyong tagapagreseta, ○
- kailangan ng gamot ng paunang pag-apruba ng Molina Dual Options, ○
- gumagamit kayo ng gamot na bahagi ng paghihigpit sa step therapy.

Kung kayo ay nasa isang nursing home o ibang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga at nangangailangan ng gamot na wala sa aming Listahan ng Gamot o kung hindi ninyo makuha ang kailangan ninyong gamot sa madaling paraan, maaari kaming tumulong. Kung kayo ay mahigit 90 araw nang miyembro ng plano, nakatira sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, at nangangailangan kaagad ng supply:

- Sasaklawin namin ang isang 60-araw na supply ng gamot na kailangan ninyo (maliban kung may inireseta sa inyo para sa mas kaunting bilang ng araw), bagong miyembro man kayo ng Molina Dual Options o hindi.
- Bukod pa ito sa pansamantalang supply sa loob ng unang 90 araw na kayo ay miyembro ng Molina Dual Options.

Patakarán sa Paglipat

Ang mga bagong miyembro sa aming Plano ay maaaring gumagamit ng mga gamot na wala sa aming pormularyo o napapailalim sa ilang partikular na paghihigpit, gaya ng paunang awtorisasyon o step therapy. Maaari ding maapektuhan ang mga kasalukuyang miyembro ng mga pagbabago sa aming pormularyo mula sa unang taon hanggang sa susunod. Dapat kausapin ng mga miyembro ang kanilang mga doktor para pagpasyahan kung magpapalit ba sila ng ibang gamot na saklaw namin o kung hihiling ba sila ng pagbubukod sa pormularyo para masaklaw ang gamot. Tingnan ang Handbook ng Miyembro para matuto pa tungkol sa kung paano hihiling ng pagbubukod. Mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro kung wala sa aming pormularyo ang inyong gamot, kung napapailalim ito sa ilang partikular na paghihigpit, gaya ng paunang awtorisasyon o step therapy, o kung aalisin na ito sa aming pormularyo sa susunod na taon at kakailanganin ninyo ng tulong para magpalit ng ibang gamot na saklaw namin o para humiling ng pagbubukod sa pormularyo.

Sa panahong nakikipag-usap ang mga miyembro sa kanilang mga doktor para alamin ang mga hakbang na dapat gawin, maaari kaming magbigay ng pansamantalang supply ng gamot na wala sa pormularyo kung kailangang magpa-refill ng gamot ang mga miyembrong iyon sa unang 90

04/01/2021



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Molina Dual Options sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang MolinaHealthcare.com/Duals.

araw ng pagiging bagong miyembro sa aming Plano para sa mga Part D na gamot (mga baitang 1 at 2) at 90 araw para sa inyong mga Medi-Cal na gamot (baitang 3). Kung kasalukuyan kayong miyembro na apektado ng pagbabago sa pormularyo mula sa isang taon hanggang sa susunod, magbibigay kami ng pansamantalang supply ng gamot na wala sa pormularyo kung kailangan ninyong magpa-refill ng gamot sa loob ng unang 90 araw ng bagong taon ng plano.

Kapag nagpunta ang isang miyembro sa isang parmasyang nasa network at nagbigay kami ng pansamantalang supply ng gamot na wala sa aming pormularyo, o gamot na may mga paghihigpit o limitasyon sa saklaw (pero itinuturing na “Part D na gamot”), sasaklawin namin ang 60-araw na supply (maliban na lang kung para sa mas kaunting araw ang reseta). Pagkatapos naming saklawin ang pansamantalang 60-araw na supply, kadalasan ay hindi na namin babayaran ulit ang mga gamot na ito bilang bahagi ng aming patakaran sa paglipat.

Bibigyan namin kayo ng nakasulat na abiso pagkatapos naming saklawin ang pansamantala ninyong supply. Ipapaliwanag ng abisong ito ang mga hakbang na maaari ninyong gawin para humiling ng pagbubukod at kung paano makikipagtulungan sa inyong doktor para magpasya kung dapat ba kayong magpalit ng naaangkop na gamot na saklaw namin.

B10. Maaari ba kayong humiling ng pagbubukod para saklawin ang inyong gamot?

Oo. Maaari ninyong hilingin sa Molina Dual Options na gumawa ng pagbubukod para saklawin ang isang gamot na wala sa Listahan ng Gamot.

Maaari din ninyong hilingin sa aming baguhin ang mga panuntunan sa inyong gamot.

- Halimbawa, maaaring limitahan ng Molina Dual Options ang dami ng gamot na sasaklawin namin. Kung may limitasyon ang inyong gamot, maaari ninyong hilingin sa aming baguhin ang limitasyon at saklawin ang higit pa.
- Iba pang halimbawa: Maaari ninyong hilingin sa aming alisin ang mga paghihigpit sa step therapy o kinakailangan sa paunang pag-apruba.

B11. Paano kayo makakahiling ng pagbubukod?

Para humiling ng pagbubukod, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro. Makikipagtulungan sa inyo at sa inyong tagapagbigay ng serbisyo ang Mga Serbisyo sa Miyembro para tulungan kayong humiling ng pagbubukod. Maaari din ninyong basahin ang Kabanata 9 ng *Handbook ng Miyembro* para matuto pa tungkol sa mga pagbubukod.

B12. Gaano katagal ang aabutin bago makakuha ng pagbubukod?

04/01/2021



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Molina Dual Options sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang MolinaHealthcare.com/Duals.

Una, dapat kaming kumuha ng pahayag mula sa inyong tagapagreseta na sinusuportahan ang inyong kahilingan para sa isang pagbubukod. Pagkatapos naming makuha ang pahayag, bibigyan namin kayo ng desisyon sa inyong kahilingan sa pagbubukod sa loob ng 72 oras.

Kung sa palagay ninyo o ng inyong tagapagreseta ay maaaring makasama sa inyong kalusugan kung kakailanganin ninyong maghintay nang 72 oras para sa isang desisyon, maaari kayong humiling ng pinabilis na pagbubukod. Isa itong mas mabilis na desisyon. Kung susuportahan ng inyong tagapagreseta ang inyong kahilingan, bibigyan namin kayo ng desisyon sa loob ng 24 na oras pagkatapos makuha ang sumusuportang pahayag ng inyong tagapagreseta.

B13. Ano ang mga generic na gamot?

Ang mga generic na gamot ay binubuo ng mga sangkap na pareho sa mga branded na gamot. Kadalasan ay mas mura ang mga ito kumpara sa branded na gamot at hindi gaanong kilala ang mga pangalan ng mga ito. Ang mga generic na gamot ay inaprubahan ng Food and Drug Administration (FDA).

Sinasaklaw ng Molina Dual Options ang mga branded na gamot at generic na gamot.

B14. Ano ang mga OTC na gamot?

Ang ibig sabihin ng OTC ay “over-the-counter.” Sinasaklaw ng Molina Dual Options ang ilang OTC na gamot kapag isinulat ang mga ito bilang mga reseta ng inyong tagapagbigay ng serbisyo.

Maaari ninyong basahin ang Listahan ng Gamot ng Molina Dual Options para makita kung anong mga OTC na gamot ang saklaw.

B15. Sinasaklaw ba ng Molina Dual Options ang mga OTC na produktong hindi gamot?

Sinasaklaw ng Molina Dual Options ang ilang OTC na produktong hindi gamot kapag isinulat ang mga ito bilang mga reseta ng inyong tagapagbigay ng serbisyo.

Maaari ninyong basahin ang Listahan ng Gamot ng Molina Dual Options para makita kung anong mga OTC na produktong hindi gamot ang saklaw.

B16. Ano ang inyong copay?

Bilang miyembro ng Molina Dual Options, wala kayong copay para sa mga inireresetang gamot at OTC na gamot hangga’t sinusunod ninyo ang mga panuntunan ng Molina Dual Options.

Walang copay ang mga miyembro ng Molina Dual Options na nakatira sa mga nursing home o iba pang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga. Wala ring copay ang ilang miyembrong nakakatanggap ng pangmatagalang pangangalaga sa komunidad.

04/01/2021



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Molina Dual Options sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang MolinaHealthcare.com/Duals.

B17. Ano ang mga baitang ng gamot?

Ang mga baitang ay mga grupo ng mga gamot sa aming Listahan ng Gamot.

- Ang mga gamot sa Baitang 1 ay mga generic na gamot. Para sa mga gamot sa Baitang 1, wala kayong babayaran.
- Ang mga gamot sa Baitang 2 ay mga branded na gamot. Para sa mga gamot sa Baitang 2, wala kayong babayaran.
- Ang mga gamot sa Baitang 3 ay mga inirereseta/Over-The-Counter (OTC) na gamot na hindi Medicare. Para sa mga gamot sa Baitang 3, wala kayong babayaran.

04/01/2021



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Molina Dual Options sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang MolinaHealthcare.com/Duals.

C. Pangkalahatang-ideya sa *Listahan ng mga Saklaw na Gamot*

Ang sumusunod na listahan ng mga saklaw na gamot ay nagbibigay sa inyo ng impormasyon tungkol sa mga gamot na saklaw ng Molina Dual Options. Kung may problema kayo sa paghahanap ng inyong gamot sa listahan, pumunta sa Index ng mga Saklaw na Gamot na nagsisimula sa pahina 130. Nakalista sa Index ang lahat ng gamot na saklaw ng Molina Dual Options ayon sa alpabetikong ayos.

Nakalista sa unang column ng chart ang pangalan ng gamot. Nakasulat sa malalaking titik ang mga branded na gamot (hal., BYSTOLIC) at nakalista ang mga generic na gamot sa maliliit na titik na nakasulat nang palihis (hal., *metoprolol*).

Ipinapaalam sa inyo ng impormasyong nasa column na “Mga kinakailangang pagkilos, paghihigpit, o limitasyon sa paggamit” kung may anumang panuntunan ang Molina Dual Options para sa pagsaklaw ng inyong gamot.

Tandaan: Ang * sa tabi ng isang gamot ay nangangahulugang hindi isang “Part D na gamot” ang gamot. Hindi ninyo kakailanganing magbayad ng copay para sa mga gamot na ito. Iba rin ang mga panuntunan ng mga gamot na ito para sa mga apela.

- Ang apela ay isang pormal na paraan ng paghiling sa amin na suriin ang desisyong ginawa namin tungkol sa inyong saklaw at baguhin ito kung inaakala ninyong nagkamali kami. Halimbawa, maaari kaming magdesisyong ang isang gamot na gusto ninyo ay hindi saklaw o hindi na saklaw ng Medicare o Medi-Cal.
- Kung kayo o ang inyong doktor ay hindi sang-ayon sa aming desisyon, maaari kayong mag-apela. Kung sakaling may tanong kayo, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627 TTY:711Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Maaari din ninyong basahin ang Kabanata 9 ng *Handbook ng Miyembro* para matutunan kung paano umapela ng desisyon.

C1. Mga Gamot na Ipinangkat ayon sa Medikal na Kundisyon

Ang mga gamot na nasa seksyong ito ay nakagrupo sa mga kategorya batay sa uri ng mga medikal na kundisyong ginagamot ng mga ito. Halimbawa, kung mayroon kayong kundisyon sa puso, dapat kayong tumingin sa kategoryang Beta-blockers. Doon ninyo mahahanap ang mga gamot na nagbibigay-lunas sa mga kundisyon sa puso.

PA = Prior Authorization o Paunang Awtorisasyon (pag-apruba): may pag-apruba muna dapat kayo bago ninyo makuha ang gamot na ito.

QL = Quantity Limits o Mga Limitasyon sa Dami: ang dami ng gamot na sasaklawin ng plano.

04/01/2021



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Molina Dual Options sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang MolinaHealthcare.com/Duals.

ST = Step Therapy Criteria o Mga Pamantayan sa Step Therapy: dapat muna kayong sumubok ng ibang gamot bago ninyo ito makuha.

NM = Non-Mail Order o Wala sa Mail Order: hindi makukuha ang gamot na ito sa pamamagitan ng mail order.

B/D = Maaaring saklaw ng Medicare Part B o D ang gamot na ito, depende sa mga sitwasyon.

LA = Limited Access Drug o Gamot na Limitado ang Access: sa ilang partikular na parmasya lang posibleng available ang gamot na ito.

(*) = Mga Hindi Part D na Gamot, o mga OTC na item na saklaw ng Medicaid.

NDS = Non-Extended Days Supply o Supply na Hindi Pinalawig ang mga Araw: lilimitahan kayo sa dami ng araw na supply na matatanggap ninyo.

04/01/2021



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Molina Dual Options sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang MolinaHealthcare.com/Duals.